U.S. Citizenship and Immigration Services

# Mga Tanong Tungkol sa Sibika para sa Pagkalibreng 65/20

Ang Immigration and Nationality Act ay nagbibigay ng pagsasaalang-alang na hindi pangkaraniwang examen sa sibika para sa mga aplikante na, sa panahon ng pagharap ng kanilang Form N-400, Application for Naturalization (Aplikasyon para sa Naturalisasyon), ay higit sila ng 65 taong gulang, at sila ay residente permanente na hindi kukulangin ng 20 taon. Itong mga aplikante ay maaaring kumuha ng examen ng sibika sa wikang pinili nila. Binibigyan din sila ng hindi pangkaraniwang pagsasaalang-alang dahil sa kinakailangan lamang silang mag-aral ng 20 sa 100 tanong tungkol sa examen sa sibika para sa examen ng pagkamamamayan.

1. **Ano ang <u>isang</u> karapatan o kalayaan mula sa Unang Susog?***
   - *pagsasalita*
   - *relihiyon*
   - *pagtitipon*
   - *pamamahayag*
   - *magpetisyon sa pamahalaan*

2. **Ano ang sistema ng ekonomiya sa Estados Unidos?***
   - *kapitalistang ekonomiya*
   - *ekonomiya ng pamiliha*

3. **Sabihin ang <u>isang</u> sangay o bahagi ng pamahalaan.***
   - *Kongreso*
   - *pambatasan*
   - *Pangulo*
   - *ehekutibo*
   - *mga korte*
   - *panghukuman*

4. **Ano ang <u>dalawang</u> bahagi ng Kongreso ng Estados Unidos?***
   - *the Senado at Kapulungan (ng mga Kinatawan)*

5. **Sino ang <u>isa</u> sa mga Senador ng inyong estado ngayon?***
   - *Ang mga sagot ay magkakaiba. [Ang mga residente ng District of Columbia at mga residente ng mga teritoryo ng Estados Unidos ay dapat sumagot na ang D.C. (o ang teritoryo kung saan nakatira ang aplikante) ay walang mga Senador ng Estados Unidos.]*

6. **Sa anong buwan tayo bumoboto para sa Pangulo?***
   - *Nobyembre*

7. **Ano ang pangalan ng Pangulo ng Estados Unidos ngayon?***
   - *Bisitahin ang uscis.gov/citizenship/testupdates para sa pangalan ng Presidente ng Estados Unidos.*

8. **Ano ang kapital ng iyong estado?***
   - *Ang mga sagot ay magkakaiba. [Ang mga residente ng District of Columbia ay dapat sumagot na ang D.C. ay hindi isang estado at walang kapital. Ang mga residente ng mga teritoryo ng Estados Unidos ay dapat sabihin ang kapital ng teritoryo.]*

**9. Ano ang dalawang pangunahing partidong pampulitika sa Estados Unidos?***
- *Democratic at Republican*

**10. Ano ang isang responsibilidad na para lamang sa mga mamamayan ng Estados Unidos?***
- *magsilbi sa isang hurado*
- *bumoto sa isang pederal na halalan*

**11. Ilang taon kailangan ang mga mamamayan upang makaboto para sa Pangulo?***
- *labingwalong (18) taong gulang at mas matanda*

**12. Ano ang huling araw na maaari mong ipadala ang pederal na income tax forms?***
- *Abril 15*

**13. Sino ang unang Pangulo?***
- *(George) Washington*

**14. Ano ang isang mahalagang bagay na ginawa ni Abraham Lincoln?***
- *pinalaya ang mga alipin (Proklamasyon ng Paglaya)*
- *iniligtas (o pinangalagaan) ang Union*
- *pinamunuan ang Estados Unidos sa Digmaang Sibil*

**15. Sabihin ang isang digmaan na nakipaglaban ang Estados Unidos noong 1900s.***
- *Unang Digmaang Pandaigdig*
- *Ikalawang Digmaang Pandaigdig*
- *Digmaan sa Korea*
- *Digmaan sa Vietnam*
- *Digmaan sa (Persian) Gulf*

**16. Ano ang ginawa ni Martin Luther King, Jr.?***
- *nakipaglaban para sa mga karapatang sibil*
- *kumilos para sa pagkakapantay-pantay para sa lahat ng mga Amerikano*

**17. Ano ang kapital ng Estados Unidos?***
- *Washington, D.C.*

**18. Nasaan ang Istatwa ng Kalayaan?***
- *New York (Harbor)*
- *Liberty Island*

*[Tinatanggap din ang New Jersey, malapit sa New York City, at nasa Hudson (River).]*

**19. Bakit may 50 bituin ang bandera?***
- *dahil may isang bituin para sa bawat estado*
- *dahil ang bawat bituin ay kumakatawan sa isang estado*
- *dahil may 50 estado*

**20. Kailan tayo nagdiriwang ng Araw ng Kalayaan?***
- *Hulyo 4*